# PAHINTULOT PARA SA PAGGAMOT NA INFRA-LOW FREQUENCY (ILF) NEUROFEEDBACK NG DEPARTMENT OF MENTAL HEALTH NG LOS ANGELES COUNTY

**Ano ang Infra-Low Frequency (ILF) Neurofeedback?**
Ang Neurofeedback ay mahigit 30 taon nang umiiral. Ang Neurofeedback ay isang non-invasive na paggamot na gumagamit sa sariling kakayahan ng utak na kontrolin ang sarili. Nakatuon ang ILF Neurofeedback sa pagsasanay sa regular na elektrikal na aktibidad ng utak (mga brainwave). Ang Neurofeedback ay isang proseso kung saan may inilalagay na mga sensor sa iyong ulo para subaybayan ang iyong mga brainwave. Ganito ito gumagana:

1. Pag-detect: Binabasa ng mga sensor ang iyong aktibidad sa brainwave.
2. Feedback: Ang impormasyong ito ay ipinapadala sa isang computer program na nagbibigay ng real-time na feedback. Maaari kang makakita ng mga visual na cue (tulad ng sa isang video game), o makaranas ng tactual (konektado sa pandamdam) na feedback sa anyo ng pag-vibrate ng stuffed toy na nasa iyong kandungan, o makarinig ng mga tunog na nagbabago batay sa aktibidad ng iyong utak.
3. Patnubay: Nakakatulong ang feedback na gabayan ang iyong mga brainwave patungo sa isang ninanais na kalagayan, na posibleng magpabuti sa mood, pokus, at pangkalahatang kagalingan.

Sa madaling salita, tinuturuan ng Neurofeedback ang iyong utak na gumana sa pinakamalusog na kalagayan nito sa pamamagitan ng paggamit ng feedback para itaguyod ang mga positibong pagbabago.

**Paglalarawan ng Sesyon ng Neurofeedback:**

- Magtatanong ang isang kawani sa kalusugan ng pag-iisip ng tungkol sa mga paggawi at sintomas kung saan gusto ng kliyente na makatanggap ng tulong para pahusayin. Ang mga iniulat na paggawi at sintomas ang magsasabi sa kung anong impormasyon ang ipapasok sa computer program at saan ilalagay ang mga sensor sa ulo/anit.
- Ang mga kliyente ay gising at komportableng nakaupo sa panahon ng sesyon. Hindi gagamit ng anesthesia o pampakalma.
- Ang isang kawani sa kalusugan ng pag-iisip ay maglalagay ng mga sensor sa isang lugar sa ulo ng kliyente. Lilinisin ang bahaging iyon gamit ang pampahid na alkohol, nu prep (isang banayad na pangkuskos), at isang paste ang idaragdag para makatulong sa mga sensor na manatiling nakadikit sa ulo.
- Sa panahon ng sesyon, magtatala ang mga sensor ng mga brainwave, na mga elektrikal na aktibidad ng utak. Gumagamit ang computer program ng mga brainwave para gumawa ng feedback na titingnan ng kliyente sa isang computer monitor.
- Hahawakan ng kliyente ang isang bagay para sa tactile feedback (isang stuffed toy na nagva-vibrate), manonood ng video o maglalaro ng video game para sa visual na feedback habang nakakabit sa ulo ang mga sensor.
  Ipapaalam ng mga kliyente at tagapag-alaga sa kawani sa kalusugan ng pag-iisip ang tungkol sa mga pag-unlad sa pamamagitan ng pag-uulat ng mga sintomas at paggawi sa bawat sesyon.

# PAHINTULOT PARA SA PAGGAMOT NA INFRA-LOW FREQUENCY (ILF) NEUROFEEDBACK NG DEPARTMENT OF MENTAL HEALTH NG LOS ANGELES COUNTY

- Sa panahon ng sesyon, susubaybayang mabuti ng kawani sa kalusugan ng pag-iisip ang mga kliyente at magtatanong at gagawa ng mga pagbabago sa computer program batay sa iuulat na impormasyon.
- Ang mga sensor ay maaaring ilipat sa iba't ibang bahagi ng ulo sa panahon ng sesyon para matugunan ang lahat ng matutukoy na sintomas at paggawi. Kapag nakumpleto na ang sesyon, aalisin ang mga sensor sa ulo gamit ang tubig o pampahid na alkohol.

**Bilang ng mga Sesyon at Dalas:**

- Maaaring umabot ng 30-60 minuto ang mga sesyon. Kung may mga alalahanin ang mga kliyente, maaari nilang ihinto ang sesyon anumang oras.
- Inirerekomenda ang panahon ng paggamot na 1-2 araw sa isang linggo para sa tagal na 3 hanggang 6 na buwan.
- Maaaring magpatuloy ang mga sesyon nang mahigit sa 6 na buwan depende sa tugon ng kliyente. Karamihan sa mga kliyente ay nananatili sa gamutan isang taon pagkatapos ng kanilang unang serye ng gamutan para magtuloy-tuloy ang pagbuti ng kalagayan. Maaaring magpatuloy ang mga pang-maintainance na sesyon pagkatapos ng taon.

**Mga Posibleng Benepisyo ng Paggamot/Pamamaraan:**

Ang neurofeedback ay maaaring makatulong o makabawas sa mga sintomas ng pagkabalisa, depresyon, ADHD, autism spectrum disorder (ASD) at PTSD. Maaaring kabilang dito ang:

- Karagdagang emosyonal na katatagan at mas mahusay na mga mekanismo sa pagharap sa mahihirap na kalagayan
- Mas mahusay na pagpokus at tagal ng atensyon
- Mas mahusay na memorya at mga kakayahang matuto
- Mas matatalas na kakayahan sa kognitibong pagproseso at paglutas ng problema
- Mas mahusay na kalidad ng pagtulog at nabawasang mga pagkagambala sa pagtulog
- Nabawasang pagkadama at pagkontrol ng sakit
- Mas mahusay na pagdadala ng sarili at kontrol sa paggawi

**Ang mga kilalang potensyal na panandaliang epekto ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:**

- Pananakit ng ulo
- Pagkamayamutin
- Pagkahilo
- Mapapagurin
- Hindi magandang pakiramdam sa anit sa pinagkabitan ng sensor
- Pagkagambala sa pagtulog o hirap sa pagtulog
- Pagduruwal

Walang katibayan na may pangmatagalang negatibong epekto o na nakakapinsala ang paggamot na ito. Nag-uulat ang ilang kliyente ng pansamantalang paglala ng mga sintomas na dating hindi malubha at maaaring maitama sa sesyon. Mahalagang palaging ipaalam sa iyong provider ang tungkol sa anumang pagbabago o negatibong epekto, kahit na tila walang kaugnayan ang mga ito sa paggamot, para mabago ang mga ito.

# PAHINTULOT PARA SA PAGGAMOT NA INFRA-LOW FREQUENCY (ILF) NEUROFEEDBACK NG DEPARTMENT OF MENTAL HEALTH NG LOS ANGELES COUNTY

**Mga Gamot:**

Mahalagang ipaalam sa iyong provider ang lahat ng gamot at supplement na iniinom mo, pati na rin ang anumang pagbabago sa iyong karaniwang pamumuhay. Dahil pinapabuti ng neurofeedback ang paggana ng utak, maaaring kailangang iakma ang mga gamot. Huwag kailanman ihinto o baguhin ang dosis ng anumang gamot nang walang superbisyon ng iyong nagreresetang doktor.

☐ Nabasa ko ang form na ito.
☐ Binasa sa akin ang form na ito.
☐ Ang form na ito ay isinalin sa ________________________ para sa akin.
Kung ang isang isinaling bersyon ng Form na ito ay nilagdaan ng kliyente at/o ng may pananagutan na adulto, ang isinaling bersyon ay dapat na nakalakip sa Ingles na bersyon.

Naipaliwanag sa akin ang impormasyon tungkol sa neurofeedback pati na ang mga posibleng benepisyo, panganib at side effect, at alternatibong paggamot. Sumasang-ayon akong lumahok sa paggamot na ito. Naiintindihan ko na maaaring bawiin ang pahintulot anumang oras.

_________________________________ ___________
Lagda ng Kliyente Petsa

_________________________________ ____________________ __________
Lagda ng May Pananagutan na Adulto* Kaugnayan sa Kliyente Petsa

* May Pananagutan na Adulto = Tagapangalaga, Conservator, o Magulang ng menor de edad kung kinakailangan.

Ipinaliwanag ko ang mga benepisyo at epekto ng Neurofeedback tulad ng nabanggit sa pahina 1 at 2 at nakuha ko ang pahintulot ng kliyente/may pananagutan na adulto.

_________________________________ __________
Lagda ng Practitioner at Larangan Petsa

| | |
|---|---|
| **Ang kumpidensyal na impormasyong ito ay ibinibigay sa iyo alinsunod sa mga batas at regulasyon ng Estado at Pederal na Pamahalaan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga naaangkop na Kodigo ng Kapakanan at Institusyon, Kodigo Sibil at Pamantayan sa Pagkapribado ng HIPAA. Ang pagkopya ng impormasyong ito para sa karagdagang pagsisiwalat ay ipinagbabawal nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng kliyente/awtorisadong kinatawan kung kanino ito nauugnay maliban kung pinahihintulutan ng batas. Kinakailangan ang pagsira sa impormasyong ito pagkatapos na maisakatuparan ang nakasaad na layunin ng orihinal na kahilingan.** | **Pangalan:** **DMH ID#:**<br>**Ahensya:** **Provider #:**<br>**Los Angeles County – Department of Mental Health** |